

Mayroon ka bang breast o cervical cancer? Nag-aalala ka ba sa bayad sa paggamot?

Maaari kang magkwalipika para sa isang espesyal na programa ng Medi-Cal para sa mga taong may breast cancer, cervical cancer, o pareho. Kung kwalipikado ka, sasaklawin ng program ang iyong paggamot. Ang tawag sa programa ay Breast and Cervical Cancer Treatment Program, o “BCCTP.”

Lahat ng tao, anumang edad, katayuan sa imigrasyon, at pagkakakilanlan sa kasarian, ay maaaring magkwalipika para sa BCCTP. Maaari kang magkwalipika kahit na hindi ka makakuha ng Medi-Cal dati o nagtapos na ang iyong Medi-Cal. Maaari ka ring magkwalipika kung mayroon kang ibang segurong pangkalusugan.

Mayroon ka dapat pre-cervical, cervical, o breast cancer diagnosis at kailangan ng paggamot o kasunod na pangangalaga. Dapat nakatira ka sa California at nakakatugon sa kinakailangang kita.

► **May 2 paraan para mag-apply sa Breast and Cervical Cancer Treatment Program (BCCTP).**

1. Makipag-usap sa doktor mo. Tanungin kung kasali sila sa mga programang *Every Woman Counts* o *Family PACT*. Kung kasali sila, maaari silang mag-apply para sa iyo. Maraming doktor sa buong California ang nakikilahok sa mga programang ito.

Kung nais mo ng tulong makahanap ng doktor na nakikilahok, maaari mong:

Tawagan ang *Every Woman Counts* para maghanap ng breast o cervical cancer na doktor na malapit sa iyo.

☎ Tawagan ang: (800) 511-2300

🌐 Puntahan ang: www.dhcs.ca.gov/services/cancer/EWC/Pages/ewc-clinic-locator.aspx

Tawagan ang *Family PACT* para maghanap ng cervical cancer na doktor na malapit sa iyo.

☎ Tawagan ang: (916) 650-0414

2. Makipag-usap sa isang County Eligibility Worker (Manggagawa sa County na Nangangasiwa sa Pagiging Kwalipikado). Sabihin sa kanya na mayroon kang breast o cervical cancer at nais mong mag-sign up para sa BCCTP.

Ipapadala ng County Eligibility Worker ang iyong impormasyon sa BCCTP Eligibility Specialist (Espesyalista sa Pagtukoy ng mga Kwalipikado). Ipapaalam sa iyo ng BCCTP Eligibility Specialist sa pamamagitan ng sulat kung naaprubahan ka o hindi para sa BCCTP.

Titingnan din ng County Eligibility Worker kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal.
Ipapaalam nila sa iyo sa pamamagitan ng sulat kung naaprubahan ka o hindi para sa
Medi-Cal.

📧 Alamin ang higit pa sa www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/BCCTP.aspx